



Republic of the Philippines
Department of Education

09 JUN 2014

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. **63**, s. 2014

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2014

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing Agosto 1-31, 2014 alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Wika ng Pagkakaisa*.
2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
 - a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
 - b. magamit ang wika sa pamamagitan ng pagsasalin bilang instrumento sa wika ng kapayapaan;
 - c. maipakita ang kahalagahan ng wika na higit na nauunawaan ng nakararami para sa pambansang pagkakaisa.
3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
 - Ang Wika ng Usaping Pangkapayapaan ay Wika ng Pagkakasundo;
 - Ang Wikang Nauunawaan ng Nakararami ay Wika ng Kapayapaan;
 - Ang Wika ng Pagsasalin ay Wika ng Pagkakaunawaan; at
 - Ang Wika ng Kapayapaan ay Wika ng Pambansang Pagkakaisa.
4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang magiging gabay at batayan ng lahat ng gawaing bubuun at isasagawa sa loob ng isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpapalano ng palatuntunan.
5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)
2/F Watson Bldg., 1610 J.P. Laurel Street, San Miguel, Manila
Telepono Blg.: (02) 736-2519
6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Kalihim

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran Blg. 89, s. 2013

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan

sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS AND FESTIVALS

CURRICULUM

Learning Area, FILIPINO

SCHOOLS

Sally: Buwan ng Wika

0380-Mayo 21, 2014/6-5